REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

**OFFICE OF THE SECRETARY**

**July 31, 1998**

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 313, s. 1998**

## IKALAWANG BIYENYAL NA KONGRESO AT TAGISANG PILIPINO NG KULTURANG PAMANA

**Sa mga:** **Direktor ng Kawanihan**
**Direktor Panrehiyon**
**Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Punong Guro ng mga Pribadong Paaralanng Sekundarya**
**Tagapangulo, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon**

1. Ang Kulturang Pamana, isang non-government organization na nagtataguyod ng mga pagpapahalagang pangkalinangang Pilipino ay magdaraos ng ika-2ng Biyenyal na Kongreso sa Philippine Christian University Auditorium, Taft Avenue, Manila sa Setyembre 26 ng taong kasalukuyan na may paksang diwang "Ang Pagkataong Pilipino at ang Sentenaryo."

2. Kaugnay nito, ang samahan ay magsasagawa ng isang tagisan ng kaalaman tungkol sa lahi, kultura at bansang Pilipino para sa mga mag-aaral ng hayskul at kolehiyo, sa lahat ng antas, pampribado at pampubliko, na may mga paksang Kasaysayan, Kaugalian, Mga Bagong Kaganapan, Sariling Wika, Sariling Awit, Sariling Tanawin, Sariling Sayaw, Sariling Lutuin at iba pa.

3. Inaasahang ang mga dadalo ay mga guro at mag-aaral ng agham panlipunan, kasaysayan, Filipino at Edukasyon sa Pagpapahalaga, tagamasid at puno ng iba't-ibang kagawarang pang-akademiko. Ang pagdalo ay kailangang hindi makakaapekto sa regular na takbo ng klase sa mga paaralan.

4. Ang mga bayarin sa nasabing kongreso ng mga regular na kasapi ay PITONG DAANG PISO (P700.00) para sa pagpapatala at akomodasyon (2 gabi) samantalang ANIM NA RAANG PISO (P600.00) naman para sa mga estudyante.

5. Ang bayad sa transportasyon at iba pang gastusin ng mga dadalo mula sa institusyong panggobyerno ay kukunin sa lokal na pondo sa pasubaling mayroon at sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit. Samantalang ang mga magmumula sa pribadong ahensya ay kinakailangang makipag-ugnayan sa kanilang sariling tanggapan hinggil sa kaayusang pananalapi.

6. Kalakip nito ang Enklosyur Blg. 1 tungkol sa mekaniks ng patimpalak. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam kay G. Jun Tanyag sa SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Avenue, Pasig City, Tel. Blg. 641-0859/1622-8648.

7. Hinahangad ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

**Kalakip:**
**Gaya ng nasasaad**

**Sanggunian:**
**Unnumbered Memorandum dated October 31, 1996**

**Pamumudmod: 1—(D.O 50-97)**

**Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:**

**CONFERENCES**
**Course of Study, SECONDARY**


# *Sumali sa* TAGISANG PILIPINO



*ng*

Kulturang Pamana
Sariling Kultura
Pambansang Pamana





## ISANG TAGISAN NG KAALAMAN TUNGKOL SA LAHI, KULTURA AT BANSANG PILIPINO

**MGA PATAKARAN**

1. MGA MAG-AARAL ng hayskul at kolehiyo ang maaaring lumahok—bukod ang tagisan ng mga nasa hayskul sa tagisan ng mga nasa kolehiyo.

2. ANG ISANG PAARALAN ay maaaring bumuo ng 3 o 4 na mga kalahok at isang tagapagturo sa bawat tagisan.

3. TATLONG MAG-AARAL lamang bawat paaralan ang aktuwal na makikipagtagisan sa bawat kategorya (hayskul o kolehiyo).

4. MAGPAPALABUNUTAN ang mga tagapagturo o kinatawan ng bawat paaralan para sa kaukulang pares ng mga magtatagisan. Ang dalawang paaralan (bawat kategorya) na may pinakamataas na bilang ng puntos ang maglalaban para sa kampiyonato ng TAGISANG PILIPINO.

5. BAGAMAT ANG TALAAN ng mga kalahok at tagapagturo ay dapat na maipadala agad kay G. Jun Tanyag sa SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Ave., Pasig City 0300 MM para sa kaukulang paghahanda (ng tropeo, regalo, T-shirt, pagkain, tirahan, atbp.), maaari ding ibigay ang talaan sa pagrehistro ng mga dadalo sa IKA-2NG BIYENYAL NA KONGRESO ng Kulturang Pamana, Sityembre 26, 1998, Philippine Christian University, Taft Avenue, Maynila.

6. Para sa ibang detalye, makipag-ugnay kay ______________________________, Punong Tagapag-ugnay ng Kulturang Pamana sa inyong paaralan.

**MGA GANTIMPALA**

P10,000 halaga ng mga papremyo, tropeo, aklat, T-shirt at gift bag ng mga produkto ng mga tagatangkilik

**MGA PAKSA**

Kasaysayan, Kaugalian, Mga Bagong Kaganapan, Sariling Wika, Sariling Awit, Sariling Tanawin, Sariling Sayaw, Sariling Lutuin, atbp. tungkol sa lahi, kultura at bansang Pilipino

1898 – 1998
100
KALAYAAN
KAYAMANAN NG BAYAN

*... dahil hindi ako Tagalog, hindi ka Ilokano, hindi siya Bisaya o Chino, hindi sila Muslim o Kristiyano – PILIPINO tayo!*

– KULTURANG PAMANA

Sumali sa

# TAGISANG PILIPINO

ng

Kulturang Pamana
Sariling Kultura
Pambansang Pamana

## ISANG TAGISAN NG KAALAMAN TUNGKOL SA LAHI, KULTURA AT BANSANG PILIPINO

**MGA PATAKARAN**

1. MGA MAG-AARAL ng hayskul at kolehiyo ang maaaring lumahok—bukod ang tagisan ng mga nasa hayskul sa tagisan ng mga nasa kolehiyo.

2. ANG ISANG PAARALAN ay maaaring bumuo ng 3 o 4 na mga kalahok at isang tagapagturo sa bawat tagisan.

3. TATLONG MAG-AARAL lamang bawat paaralan ang aktuwal na makikipagtagisan sa bawat kategorya (hayskul o kolehiyo).

4. MAGPAPALABUNUTAN ang mga tagapagturo o kinatawan ng bawat paaralan para sa kaukulang pares ng mga magtatagisan. Ang dalawang paaralan (bawat kategorya) na may pinakamataas na bilang ng puntos ang maglalaban para sa kampiyonato ng TAGISANG PILIPINO.

5. BAGAMAT ANG TALAAN ng mga kalahok at tagapagturo ay dapat na maipadala agad kay G. Jun Tanyag sa SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Ave., Pasig City 0300 MM para sa kaukulang paghahanda (ng tropeo, regalo, T-shirt, pagkain, tirahan, atbp.), maaari ding ibigay ang talaan sa pagrehistro ng mga dadalo sa IKA-2NG BIYENYAL NA KONGRESO ng Kulturang Pamana, Sityembre 26, 1998, Philippine Christian University, Taft Avenue, Maynila.

**MGA GANTIMPALA**

P10,000 halaga ng mga papremyo, tropeo, aklat, T-shirt at gift bag ng mga produkto ng mga tagatangkilik

**MGA PAKSA**

Kasaysayan, Kaugalian, Mga Bagong Kaganapan, Sariling Wika, Sariling Awit, Sariling Tanawin, Sariling Sayaw, Sariling Lutuin, atbp. tungkol sa lahi, kultura at bansang Pilipino

Para sa kaukulang paghahanda ng mga pangangailangang nabanggit sa itaas, paki-punuan ang mga detalye at IPADALA AGAD ang kupon o bukod na sipi ng mga detalye kay G. Jun Tanyag, c/o SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Ave., Pasig City 0300 METRO MANILA (tel. blg. 641-0859/1622-8648).

Pangalan ng Puno ng Delegasyon ______________________

Paglilihaman (kasama ang ZIP code) ______________________

______________________

Tel. Blg. ______________ Fax ______________

Pangalan ng Paaralan ______________________

______________________

Mga Kalahok at Tagapagturo (palayaw at apelyido) ______________________

______________________

______________________

______________________

Maraming salamat sa paanyaya. Karangalan naming suportahan ang TAGISANG PILIPINO ng Kulturang Pamana.

______________ Lagda ______________ Petsa

# IKA-2NG BIYENYAL NA KONGRESO

**SABADO, SITYEMBRE 26, 1998**
**PHIL. CHRISTIAN UNIVERSITY AUDITORIUM, TAFT AVENUE, MAYNILA**
**PAKSANG DIWA: ANG PAGKATAONG PILIPINO AT ANG SENTENARYO**

The *Lupon ng mga Tagapangalaga* (Board of Trustees) of *Kulturang Pamana* is pleased to announce that Kulturang Pamana's **IKA-2NG BIYENYAL NA KONGRESO** originally scheduled on October 24, 1998 will be held on Saturday, September 26, 1998 to allow more members particularly those from the academe to attend. Below is the tentative program of activities.

**FRIDAY, SEPTEMBER 25**

1:00-8:00 PM - ARRIVAL/REGISTRATION OF NON-METRO MANILA DELEGATES (from North, Central and Southern Luzon, Visayas and Mindanao) AT SHALOM CENTER, Vasquez St., Manila (walking distance from Phil. Christian University)

**SATURDAY, SEPTEMBER 26**

8:00-9:00 AM - CONTINUATION OF REGISTRATION AT PHILIPPINE CHRISTIAN UNIVERSITY AUDITORIUM (Taft Avenue, Manila beside Phil. Women's University)
9:00 AM - NATIONAL ANTHEM/INVOCATION
WELCOME ADDRESS - Pangulo, Kulturang Pamana
INTRODUCTION OF DR. PUNO, PCU PRESIDENT
MESSAGE OF DR. PUNO
INTRODUCTION OF GUEST SPEAKER
SPEECH OF GUEST SPEAKER
PRESENTATION OF PLAQUE TO GUEST SPEAKER
10:00 AM - SNACKS/VIEWING OF EXHIBITS
10:30 - PRESENTATION OF CANDIDATES (for members of Board of Trustees)
ELECTION OF BOARD MEMBERS
CANVASSING OF VOTES
ANNOUNCEMENT OF NEW MEMBERS OF THE BOARD OF TRUSTEES
12:00 NN - B R E A K
1:00 PM - ELECTION OF OFFICERS (by the new members of the Board ofTrustees)
ANNOUNCEMENT OF NEWLY-ELECTED OFFICERS FOR 1998-2000
1:30 - QUIZ SHOW: Tagisang Pilipino (High School and College Categories)
3:00 - SNACKS/INTERMISSION NUMBERS
3:30-5:00 PM - INTRODUCTION OF KEYNOTE SPEAKER
SPEECH OF KEYNOTE SPEAKER: "Ang Pagkataong Pilipino at ang Sentenaryo"
PRESENTATION OF PLAQUES/PRIZES (to Keynote Speaker, Sponsors and Tagisang Pilipino winners)
MASS INDUCTION OF OFFICERS AND MEMBERS
PHOTO SESSION
SURPRISE NUMBER
ANNOUNCEMENT OF VENUE OF NEXT CONGRESS (in Northern Luzon, Visayas or Mindanao)
CLOSING PRAYER

**SUNDAY, SEPTEMBER 27**

1:00 PM (or earlier) - DEPARTURE OF NON-METRO MANILA DELEGATES (billeted at Shalom Center)

| **CONVENTION FEES** | REG. MEMBER | NEW MEMBER (Prof'l) | STUDENT |
|---|---|---|---|
| Registration fee | P200 | P200 | P100 |
| Souvenir T-shirt (optional) | 100 | 100 | 100 |
| Board & lodging (for 2 nights) | 500 | 500 | 500 |
| Membership fee | — | 200 | FREE |

To facilitate arrangements/preparation work, kindly fill out the following and send/mail not later than August 31, 1998 to: Mr. Jun Tanyag, c/o SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Ave., Pasig City 0300 METRO MANILA (TEL. NOS. 641-0859/1622-8648) or thru fax no. 632-8593 (Att'n: Mr. Jun Tanyag, SDC, Basement)

Name ______________________
Mailing Address ______________________

Tel. No. ______________ Fax ______________

Thank you for the invitation. I/We will attend Kulturang Pamana's Ika-2ng Biyenyal na Kongreso to be held on September 26, 1998 at Philippine Christian University Auditorium, Taft Avenue, Manila. Our delegation (if applicable) is composed of _____ persons.

______________ Signature ______________ Date